

COMMONSPIRIT HEALTH Buod ng Tulong Pinansyal

Ang Dignity Health, isang kasosyo ng CommonSpirit Health, ay nakatuon sa paggawa ng mas malulusog na komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng sa mga taong may mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan at walang seguro, kulang sa seguro, hindi karapat-dapat para sa programa ng gobyerno, o walang kakayahang magbayad. Inilalarawan ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi ng CommonSpirit ang mga programang tulong sa pananalapi na magagamit ng mga pasyenteng walang seguro o kulang sa seguro na nakasasapat sa ilang rekisito sa kinikita para makatulong na mabayaran ang mga medikal na kinakailangang serbisyong pangkalusugan na inilaan ng Mga Ospital ng CommonSpirit Health. Ang pasyente na walang seguro ay isang tao na walang proteksiyon sa kalusugan, maging sa pamamagitan ng pribadong seguro o programa ng gobyerno, at walang karapatang maibalik ang ibinayad na pera ng sinumang tao para sa kanilang mga bayarin sa ospital. Ang pasyente na kulang sa seguro ay isang tao na may proteksiyon sa kalusugan, subalit mayroong malaking bayarin sa ospital na hindi lubos na sinasagot ng kaniyang seguro.

Libreng Pangangalaga

- Kung ikaw ay walang seguro o kulang sa seguro na may kinikita ng pamilya na hanggang sa 250% ng Federal Poverty Level, maaaring karapat-dapat ka na makatanggap ng mga serbiso ng ospital na walang gastos para sa iyo.

May Diskuwentong Pangangalaga

- Kung ikaw ay walang seguro o kulang sa seguro na may taunang kinikita ng pamilya na nasa pagitan ng 250-400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaaring karapat-dapat ka na mabawasan ang iyong mga bayarin sa serbisyo ng ospital hanggang sa pinakamataas na halagang makatuwirang inaasahan na babayaran ng isang nagbabayad sa gobyerno, na sa kadalasan ay ang halagang babayaran ng Medicare para sa parehong mga serbisyo.
- Kung ikaw ay walang seguro o kulang sa seguro na may taunang kinikita ng pamilya na nasa pagitan ng 401-500% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaaring karapat-dapat ka na mabawasan ang iyong mga bayarin sa serbisyo ng ospital hanggang sa Halagang Sinisingil sa Kadalasan (Amount Generally Billed, AGB) na isang halagang itinakda sa ilalim ng batas pederal na sumasalamin sa halagang babayaran sa ospital ng mga pribadong tagaseguro sa kalusugan at ng Medicare (kasama ang mga co-pay at ibabawas) para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan.

Ang tulong ay inaalok sa mga may taunang kinikita ng pamilya na nabibilang sa mga kategorya sa itaas at mayroong:

- Balanse ng account na may kabuuang sampung (\$10.00) dolyar o higit pa;
- Nakipagtulungan sa mga pagsisikap na maubos ang lahat ng iba pang mga opsyon sa pagbabayad; at
- Pinunan ang isang Aplikasyon sa Tulong sa Pananalapi at nagbigay ng sumusuportang dokumentasyon upang mapatunayan ang kinikita.

TANDAAN: Sa ilang mga kaso, ang mga pasyente ay maaaring gawaran ng tulong pinansyal nang walang pormal na aplikasyon. Ang mga detalye ay nakabalangkas sa Patakaran sa Tulong sa Pananalapi.

Kung ikaw ay karapat-dapat para sa tulong sa pananalapi sa ilalim ng aming Patakaran sa Tulong sa Pananalapi, hindi mo kakailanganin na magbayad ng higit sa Mga Halaga na Karaniwang Sinisingil na inilarawan sa itaas. Kung kwalipikado ka, maaari ka rin humiling ng isang walang interes na pagpapalawig sa plano ng pagbabayad.

Hindi mo kailanman kakailanganin na gumawa ng paunang bayad o iba pang mga areglamente sa pagbabayad para makatanggap ng pang-emergency na serbisyo.

Ang mga libreng kopya ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi ng ospital at mga form ng aplikasyon para sa tulong pinansyal ay makukuha online sa website ng iyong ospital na nakalista sa ibaba o sa mga lugar ng Admitting ng ospital na matatagpuan malapit sa pangunahing pasukan. (Sundan ang mga karatula papunta sa "Admitting" o "Registration"). Ang mga libreng kopya ng mga dokumentong ito ay maaari rin ipadala sa iyo kapag

hiniling kung tatawag ka sa mga numero ng telepono ng Mga Serbisyong Pinansyal sa Pasyente na nakalista sa ibaba para sa iyong ospital.

Traducción disponible: Maaari ka rin makakuha ng salin ng mga dokumentong ito sa Espanyol at sa iba pang wika, nang libre, sa website ng iyong ospital, sa lugar ng Admitting ng iyong ospital, o sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono ng iyong ospital.

Mayroong mga Tagapayong Pinansyal ang CommonSpirit Health para sagutin ang mga katanungan, magbigay ng impormasyon tungkol sa aming Patakaran sa Tulong sa Pananalapi at tulongan kang magabayan sa proseso ng aplikasyon para sa tulong sa pananalapi. Maaari ka rin bigyan ng mga Tagapayong Pinansyal ng impormasyon tungkol sa porsiyento ng AGB ng Pasilidad ng Ospital at kung paano kinakalkula ang mga porsiyento ng AGB. Ang aming kawani ay matatagpuan sa lugar ng Admitting ng ospital at matatawagan sa numero ng telepono na nakalista sa ibaba para sa iyong ospital.

Karagdagan pa, may mga nagsasariling organisasyon na tutulong sa iyo na maunawaan ang proseso ng billing at pagbabayad at binibigyan kayo ng impormasyon may kinalaman sa Covered California at Medi-Cal na inaasahang pagiging kwalipikado. Paki tingnan ang Health Consumer Alliance sa <https://healthconsumer.org> para sa karagdagang impormasyon.

Lahat ng Dignity Health hospital ay nagbibigay ng impormasyon sa pagpepresyo para sa aming pinakasikat na mga serbisyo. Makikita mo ang impormasyon ng presyo sa <https://dignity.msph.recondohealth.net/>.

Panghuli, maaari naming i-refer ang ilang mga delingkwenteng account sa mga third-party na ahensya sa pangongolekta ng utang. Kinakailangan ng batas ng estado at pederal na ang mga nangongolekta ng utang na tratuhin ka ng makatarungan at pagbawalan ang mga nangongolekta ng utang na gumawa ng maling pahayag o banta ng karahasan, paggamit ng malaswa o masasamang salita, at gumawa ng hindi tamang komunikasyon sa mga ikatlong partido, kabilang ang iyong employer. Maliban sa mga hindi pangkaraniwang pangyayari, ang mga nangongolekta ng utang ay hindi maaaring makipag-ugnayan sa iyo bago ang 8:00 ng umaga o pagkalipas ng 9:00 ng gabi. Sa pangkalahatan, ang isang nangongolekta ng utang ay hindi maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong utang sa ibang tao, maliban sa iyong abogado o asawa. Ang isang nangongolekta ng utang ay maaaring makipag-ugnayan sa ibang tao para kumpirmahin ang iyong lokasyon o para magpatupad ng isang hatol. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga aktibidad ng pagkolekta ng utang, maaari kang makipag-ugnayan sa Federal Trade Commission sa pamamagitan ng telepono sa 1-877-FTC-HELP (382-4357) o online sa www.ftc.gov.

Arroyo Grande Community Hospital

345 South Halcyon Road, Arroyo Grande, CA 93420 Financial Counseling 805-489-4261 ext 4411
Patient Financial Services 888-488-7667 | www.dignityhealth.org/arroyo-grande/paymenthelp

French Hospital Medical Center

1911 Johnson Ave, San Luis Obispo, CA 93401 | Financial Counseling 805-542-6321
Patient Financial Services 888-488-7667 | www.dignityhealth.org/frenchhospital/paymenthelp

Marian Regional Medical Center

1400 East Church St, Santa Maria, CA 93454 | Financial Counseling 805-739-3541
Patient Financial Services 888-488-7667 | www.dignityhealth.org/marianregional/paymenthelp

St. John's Hospital Camarillo

2309 Antonio Ave, Camarillo, CA 93010 | Financial Counseling 805-389-5642
Patient Financial Services 877-877-8345 | www.dignityhealth.org/pleasantvalley/paymenthelp

St. John's Regional Medical Center

1600 North Rose Ave, Oxnard, CA 93030 | Financial Counseling 805-988-7109
Patient Financial Services 877-877-8345 | www.dignityhealth.org/stjohnsregional/paymenthelp

Binago: Hulyo 1, 2022